

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Lungsod ng Brampton magho-host sa sesyon ng impormasyon para sa mga contender sa Halalang Munisipal

BRAMPTON, ON (Marso 31, 2022) – Ang potensyal na mga kandidato sa 2022 Halalang Munisipal at ng School Board at mga third party advertiser ay iniimbitahan na sumama sa Lungsod ng Brampton sa sesyon ng impormasyon sa Martes, Abril 12, 2022, mula 7 hanggang 10 pm.

Ang sesyon ng impormasyon, na iho-host sa pakikipagtulungan sa Ministry of Municipal Affairs and Housing, ay magiging isang hybrid na personal at birtwal na pagpupulong na idadaos sa Council Chambers sa City Hall ng Brampton.

Ang sesyon ay magbibigay ng buod sa mahahalagang rekisito, kabilang ang:

- Pagiging kwalipikado at mga responsibilidad ng kandidato at third party advertiser
- Nominasyon at proseso ng rehistrasyon
- Mga pananalapi sa kampanya
- Mahahalagang petsa at mga resource

Bukas ang sesyon sa sinuman na nag-iisip na tumakbo bilang isang kandidato o magparehistro bilang isang third party advertiser sa 2022 Halalang Munisipal at ng School Board ng Brampton. Mandatory ang rehistrasyon para sa sesyon ng impormasyon. Para ipatala ang pagdalo nang personal o birtwal sa pamamagitan ng Webex, bisitahin ang brampton.ca/bramptonvotes.

Mga maiikling impormasyon

- Ang impormasyon tungkol sa pagiging isang kandidato o third party advertiser ay [makikita dito](#)
- Ang panahon ng pag-nominate ng kandidato ay magbubukas sa Mayo 2 at magsasara sa Agosto 19 sa 2 pm
- Ang rehistrasyon ng third party advertiser ay magbubukas sa Mayo 2 at magsasara sa Oktubre 21
- Ang Araw ng Pagboto ay sa Oktubre 24
- Ang kasunod na sesyon ng impormasyon para sa nominadong mga kandidato at rehistradong mga third party ay gaganapin sa Setyembre 2022

Quote

"Ang sesyon ng impormasyon ng Lungsod, na iho-host ng Ministry of Municipal Affairs and Housing, ay makakatulong sa mga potensyal na kandidato na magkaroon ng mas mabuting pagkakaunawa sa kung ano ang kailangan sa kanila kung pipiliin nila na mag-file ng kanilang nominasyon sa 2022 Halalang Munisipal at ng School Board, at makakatulong sa potensyal na mga third party advertiser na malaman ang tungkol sa mga hinihingi sa rehistrasyon. Iniimbitahan namin ang sinuman na interesado na mas matuto pa na magparehistro at sumama sa amin."

- Peter Fay, Klerk ng Lungsod at Returning Officer para sa 2022 Halalang Munisipal ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca